American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-129-141
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# "Antas ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino"

Jeric L. Luciano[1], Janelle T. Napalcruz[2], Edilyn A. Jainal[3], Ferdausia R. Salem[4]
[1](Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines
[2](Mindanao State University, Iligan Institute of Technology, Philippines)
[3](College of Liberal Arts, Western Mindanao State University, Philippines)

***ABSTRACT:*** *This study examined the level of grammatical competence of students enrolled in the Bachelor of Secondary Education major in Filipino, from first year to fourth year. It aimed to determine the students' strengths and weaknesses in key grammatical components, namely Phonology, Morphology, Vocabulary, and Syntax. Statistical tools such as One-way ANOVA and Tukey Post-Hoc Test were utilized to assess differences in competence across year levels. The results revealed that the students' overall grammatical competence was "Proficient," with Syntax emerging as their strongest area, while the other components were rated as "Moderate." The findings also showed a gradual increase in grammatical competence as students advanced in their academic year, indicating growth in linguistic knowledge and experience. These results affirm that systematic instruction and continuous exposure to language contribute significantly to the development of linguistic competence. Although the students exhibited a solid grammatical foundation, the study suggests the need for more targeted instruction in specific areas to further strengthen and refine their grammatical skills.*

***Keywords*** *- Grammatical competence, Filipino language education, Year level differences, Linguistic Development, Vocabulary*

***ABSTRAK:*** *Ang pag-aaral na ito ay sumuri sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa kursong Batsilyer ng Pansekundaryang Edukasyong Filipino mula unang taon hanggang ikaapat na taon. Layunin nitong tukuyin ang lakas at kahinaan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng gramatika tulad ng Palatunugan, Palabuuan, Talasalitaan, at Palaugnayan. Gumamit ang pag-aaral ng mga estadistikal na pamamaraan, kabilang ang One-way ANOVA at Tukey Post-Hoc test, upang matukoy ang pagkakaiba ng kakayahan batay sa antas ng pag-aaral. Lumabas na nasa kabuuang antas na "Mahusay" ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, partikular na mataas sa Palaugnayan, samantalang nasa "Katamtaman" ang iba pang aspekto. Napatunayan ding tumataas ang antas ng kahusayan habang umuusad ang taon ng pag-aaral, na nagpapakita ng paglawak ng kaalaman at karanasang pangwika. Itinutugma ng mga natuklasan ang pananaw hinggil sa pag-unlad ng linguistic competence bilang bunga ng sistematikong pagkatuto at patuloy na exposure sa wika. Ipinapakita ng pag-aaral na bagama't may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral, kailangan pa rin ng mas masinsing pagtutok sa ilang aspekto ng wika upang higit pang mapaunlad ang kanilang kahusayang panggramatika.*

***Mga Susing Salita:*** *Edukasyon sa Wikang Filipino, Kakayahang panggramatika, Antas ng pag-aaral, Kahusayang Pangwika, Sistematikong Pagkatuto*

## I. INTRODUKSYON

Ang asignaturang Filipino ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum sa edukasyon sa Pilipinas sapagkat layunin nitong paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita. Itinatakda ng Artikulo XIV, Seksyon 6 hanggang 9 ng Saligang Batas ng 1987 ang Filipino bilang opisyal na Wikang Pambansa, at pinagtibay ito sa pamamagitan ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 52 na nagtatakda sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Bahagi ng intelektwalisasyon at pagpapalawak ng wikang Filipino ang pagtitiyak na may sapat na kakayahang panggramatika ang mga mag-aaral, lalo na sa mga programang pangwika.

Isa sa pangunahing salik ng epektibong komunikasyon at pagkatuto ang wastong gramatika. Ayon kina Hans at Hans (n.d.), ang gramatika ay sistematikong hanay ng mga tuntunin na nagtatakda kung paano binubuo at inaayos ang mga salita upang makabuo ng makahulugang pangungusap. Tinuturing itong pundasyon ng mabisang pagpapahayag ng kahulugan, layunin, at lohika ng anumang pahayag. Pinatutunayan din sa pag-aaral

ni Wang (2010) na ang kasanayan sa balarila ay hindi maaaring ihiwalay sa kakayahang pangkomunikatibo sapagkat ang isa ay nakapagpapalakas sa isa pa.

Sa konteksto ng wikang Filipino, ipinakita nina Lartec at Perey (2011) na hindi pa lubusang nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, partikular sa wastong gamit ng salita at ilang bahagi ng pananalita. Bagama't mataas ang kanilang kakayahan sa ayos ng pangungusap, may nakitang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika batay sa edad, kasarian, at pangkat na kinabibilangan. Gayunpaman, limitado ang pag-aaral tungkol sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na kumukuha ng Batsilyer ng Pansekundaryang Edukasyon na nagpapakadalubhasa sa Wikang Filipino mula unang taon hanggang ikaapat na taon. Ang kakulangang ito ang siyang nagbubukas ng panibagong puwang sa pananaliksik. Dahil ang gramatika ay mahalaga sa epektibong pagsusulat, pagsasalita, at pagganap sa akademikong gawain, kinakailangang masuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa bawat taon ng kanilang pag-aaral. Gaya ng nabanggit sa pag-aaral ni Saavedra (2020), ang ang mga kasanayang pasulat at pasalita ay mahalagang malinang sa mga mag-aaral sapagkat ito ang madalas na ginagamit na paraan upang mataya din ang iba pang makrong kasanayan ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin at suriin ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa kursong BSED Filipino sa iba't ibang antas ng kanilang edukasyon. Ipinapakita ng pananaliksik na ito ang kontribusyong kailangan upang higit na mapalawak ang kaalaman sa balarilang Filipino at matukoy ang mga aspektong dapat pagtuunan ng pansin sa paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, makapagbibigay ang pag-aaral ng mas matatag na batayan para sa pagpapahusay ng kurikulum at pedagogiya sa Filipino.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay tayahin ang antas ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Upang matamo ang layuning ito, ang mananaliksik ay bumuo ng mga tiyak na katanungan gaya ng sumusunod;

1. Ano ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga sumusunod na aspekto ng wika:
   a. Palatunugan
   b. Palabuuan
   c. Palaugnayan
   d. Talasalitaan?

2.. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang antas hanggang ikaapat na antas?

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

### 3.1 Kahusayang Panggramatika

Sa pag-aaral ng wika, mahalagang maunawaan ang papel ng gramatika sa mabisang komunikasyon. Ito ay nagsisilbing batayan sa tamang paggamit ng wika upang maipahayag nang malinaw at epektibo ang isang mensahe. Ayon sa pananaliksik nina Hans, A. at Hans, E. (n.d.) na pinamagatang *"Role of Grammar in Communication - Writing Skills,"* ang gramatika ay isang sistematikong hanay ng mga tuntunin na nagtatakda kung paano binubuo at inaayos ang mga salita upang makabuo ng malinaw at makahulugang pangungusap. Saklaw nito ang mga panuntunan sa pagbuo ng sugnay, parirala, at salita sa bawat likas na wika. Binigyang-diin din sa pag-aaral na ang bawat wika ay may natatanging gramatika na nagsisilbing pundasyon ng epektibong komunikasyon. Ang wastong paggamit nito ay mahalaga upang maipahayag nang malinaw ang kahulugan at layunin ng isang mensahe. Dahil dito, nananatili itong isang mahalagang aspekto ng pag-aaral ng wika at edukasyon.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Hans, A. at Hans, E. ang kahalagahan ng gramatika sa malinaw na komunikasyon, ngunit ayon kay Avelino (2020), may partikular na aspeto tulad ng kauukulan ng pangngalan na patuloy na nagiging hamon para sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral ni Avelino (2020), bagaman mahusay ang mga mag-aaral sa pagkilala at paggamit ng pangngalan, napansin ng mananaliksik na may ilang aspeto ng paksang ito napatuloy na nagiging hamon para sa kanila. Isa sa mga mahahalagang bahagi na nangangailangan ng masusing pagtutok ay ang kauukulan ng pangngalan, na tumutukoy sa relasyon ng isang pangngalan sa iba pang bahagi ng pangungusap. Ang kawalan ng ganap na pag-unawa sa konseptong ito ay nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral, lalo na sa tamang paggamit ng palagyo, palayon, at paari na kauukulan sa pagsulat at pagsasalita.

Ayon sa pag-aaral ni Avelino (2020) na may mga tiyak na hamon sa pag-unawa ng kauukulan ng pangngalan, habang binigyang-diin naman ni Misa (2021) na ang pangkalahatang kakayahan ng mga mag-aaral sa panggramatikang Filipino ay nasa antas na nangangailangan pa ng pagpapahusay, lalo na sa wastong gamit at kayarian ng pangungusap. Nabanggit naman ni Misa (2021) Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University sa panggramatikan Filipino ay

nakapagtamo ng "Beginning" sa pagpili ng wastong salita, kayarian ng pangungusap at lohikal na organisasyon. Ang antas ng kakayahan ng tagatugon sa panggramatikang Filipino ay nakatamo ng "Developing" sa wastong gamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap at mekaniks. Sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang mga mungkahi na mas higit na pag-ibayuhin ng mga guro sa Filipino na maging mapamaraan at malikhain pagtuturo ng wasto at angkop na gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang malinang sa kanila ang kawastuhan sa gramatikang Filipino nang magamit nila ito nang maayos sa kanilang kasanayang pasalita at pasulat. Sinasang-ayunan ito sa pag-aaral ni Saavedra (2018) kung saan ipinakita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mahusay na kasanayang ekspresib lalo na sa antas na elementarya. Aniya, kapag nalinang na sa mababang antas ng pag-aaral ang mga kasanayang ito, mas mabilis ang pagkatuto nila sa mga susunod pang kompetensi na kanilang aaralin pagdating sa antas ng sekondarya. Magiging tulay ito sa mabilis na pagkatuto sa mga mas komplikadong kompetensi sa Filipino.

Ipinapakita ng pag-aaral ni Misa (2021) ang mababang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panggramatikang Filipino, habang kinumpirma naman ni Camacho (2024) na marami sa kanila ang may kahinaan sa paggamit ng wasto at angkop na gramatika sa pagsulat. Batay kay Batang (2023), natuklasan na hindi pa ganap na nahuhubog ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, partikular sa wastong paggamit ng mga salita. Sa kabila nito, lumitaw sa pag-aaral na may napakataas silang antas ng kakayahan pagdating sa tamang ayos ng pangungusap. Bukod dito, ipinakita rin na may pagkakaiba sa kanilang kakayahang panggramatika kapag inuri sila batay sa kanilang edad, kasarian, at pangkat na kinabibilangan, na nagpapahiwatig ng posibleng impluwensya ng mga salik na ito sa kanilang pagkatuto ng wika.

**3.2 Antas ng Kakayahang Panggramatika**

Ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay isang mahalagang aspekto ng kanilang pagkatuto ng wika, na nagsisilbing pundasyon sa kanilang kasanayan sa pagsusulat at pagsasalita. Ayon sa pag-aaral ni Payangdo (2024) na isinagawa sa Benguet State University noong Panuruang Taon 2023-2024, natuklasang may kahinaan ang mga mag-aaral ng unang antas sa programang Batsilyer sa Sining sa Filipino pagdating sa uri ng pangngalan batay sa konsepto at kaukulan, pati na rin sa pokus at kaganapan ng pandiwa. Iminumungkahi na pagtuunan ng pansin ang mga natukoy na kahinaang ito sa gramatika, lalo na sa pandiwa at pangngalan, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming pagsasanay. Bukod dito, mahalagang pag-aralan din ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa iba pang bahagi ng panalita.

Sa pag-aaral ni Sanchez (2019), ng *“Grammar Proficiency Level of First-Year College Students of Pangasinan State University"* Sinuri ng pag-aaral na ito ang kakayahang panggramatika ng mag-aaral sa unang taon sa kolehiyo ng Pangasinan State University. Natuklasan na ang mga mag-aaral ay may kasanayan sa *subject-verb agreement*, *parallelism*, at *gerunds*. Napag-alaman din na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kanilang demograpikong profile at kakayahang panggramatika. Halos ganito rin ang kinalabasan sa pag-aaral nina Saavedra, Alejandro & Espinosa (2022), ang demograpikong profile na kasarian ay nagpakita rin ng kaugnayan sa kanilang kasanayan sa pananaliksik. Lumabas na ang mga mag-aaral na babae ay nagpakita ng mas mataas na kahusayan sa mga kasanayang pananaliksik na tinaya.

Isa ding pag-aaral ang nagkaroon ng pagsusuri sa mga mag-aaral ng nasa unang antas sa kolehiyo. Ang *“Investigating the English Grammatical Competence of First-Year Students: University Context”* Sa pag-aaral na ito nataya ang kakayahang panggramatika ng mag-aaral sa unang taon sa isang pampublikong unibersidad sa North Cotabato, Pilipinas. Natuklasan na mababa ang pangkalahatang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, at may makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian at uri ng paaralang sekundaryang pinanggalingan nila.

Ipinapakita ng mga resulta na may iba't ibang salik na maaaring makaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa unang antas ng kolehiyo kabilang ang kanilang pinagmulan at edukasyonal na background. Gayundin, iminumungkahi ng mga pag-aaral na mahalagang bigyang-pansin ang mga estratehiya sa pagtuturo ng gramatika upang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga lugar kung saan natukoy ang mababang antas ng kahusayan.

Sa kabilang banda ang pag-aaral naman nina Afel et.al (2019) ng *“The Correlation between Students’ Grammar Ability and Motivation toward Students’ Descriptive Writing Ability of the Second Year at English Department of Bung Hatta University"* Nasuri sa pag-aaral na ito ang ugnayan sa pagitan ng kakayahang panggramatika, motibasyon, at kasanayan sa pagsulat ng deskriptibong sanaysay ng mga mag-aaral sa ikalawang taon sa Departamento ng Ingles. Natuklasan na may napakataas na ugnayan sa pagitan ng kakayahang panggramatika at pagganap sa pagsulat, at may mataas na ugnayan sa pagitan ng motibasyon at pagganap sa pagsulat. Ganito rin ang natuklasan sa pag-aaral nina Sandal, Saavedra, Madrazo & Ramos (2022), napatotohanan na ang motibasyon ay isang salik sa pagkatuto at pagsasalita ng ikalawang wika ng mga mag-aaral. Natuklasan ding ang mga mag-aaral na babae ay nagpakita ng mas mahusay na kasanayang pasalita sa wikang Ingles kaysa sa mga kalahok na lalaki.

Para sa ikatlong antas ay nagkaroon ng pag-aaral sina Monteza et. Al ( 2024) sa *"Grammatical Competence of UM Digos College English Language Learners".* Sinuri sa pag-aaral na ito ang kakayahang panggramatika ng 39 na mag-aaral sa ikatlong taon ng Bachelor of *Secondary Education (BSED) major in English* sa UM Digos College. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sanaysay na isinulat ng mga mag-aaral, pinag-aralan ang iba't ibang bahagi ng gramatika, kabilang ang pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pang-ukol, pangatnig, at pandamdam. Ginamit ang *Grammarly application* bilang kasangkapan sa pagsusuri ng kanilang kakayahang panggramatika.

Gayundin sa pag-aaral nina Nhu at Ho (2024) ng *"Common Syntactic Errors in the Writing Skills of the 3rd Year Students"* Nasuri ang mga karaniwang sintaktikong kamalian sa mga argumentatibong sanaysay ng mga mag-aaral sa ikatlong taon na major sa Ingles sa *Faculty of Foreign Languages* ng Van Lang University, Vietnam. Gumamit ito ng mga metodong kwantitatibo at kwalitatibo upang matukoy ang dalas at uri ng mga sintaktikong kamalian, na nagbigay ng mahahalagang pananaw tungkol sa mga bahagi ng gramatika kung saan madalas nahihirapan ang mga mag-aaral.

Ipinapakita ng parehong pag-aaral na bagaman nasa mas mataas na antas na ng pag-aaral ang mga mag-aaral sa ikatlong taon, hindi pa rin nawawala ang mga hamon sa kanilang paggamit ng wastong estrukturang panggramatika. Dahil dito, mahalagang patuloy na pag-ibayuhin ang pagtuturo ng gramatika sa antas na ito, gamit ang mas epektibong estratehiya at teknolohiya upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

Sa pag-aaral naman ni Tuan (2017) sa *"Communicative Competence of the Fourth Year Students: Basis for Proposed English Language Program"* Sinuri ng pag-aaral na ito ang kakayahang komunikatibo, kabilang ang aspektong panggramatika at diskurso, ng mag-aaral sa ikaapat na taon mula sa limang unibersidad sa Vietnam. Ipinakita ng mga natuklasan 6 na may malaking epekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ang pormal na pag-aaral, pakikisalamuha sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles, pagkakalantad sa midyang Ingles, at paggamit ng mga babasahin. Napansin ang lakas ng mga mag-aaral sa paggamit ng pangngalan, panghalip, at pang-ukol, habang natukoy ang kahinaan sa pangatnig, pang-abay, pandamdam, at pandiwa.

Ipinakita ng mga pag-aaral na bagama't mataas ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon, may partikular na bahagi ng gramatika na kailangan pang paunlarin upang higit nilang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita at pagsusulat ng Ingles. Iminumungkahi ang mga hakbang tulad ng pagdaragdag ng exposure sa mga katutubong nagsasalita ng Ingles at paggamit ng mga materyales sa Ingles. Kung kaya't mahalagang maibahagi ang pag-aaral ni Saavedra (2016), kung saan kanyang binigyang-pansin niya ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa paglinang ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral at mga guro. Samantala, makikita rin ang magkakaibang antas ng kakayahang panggramatika sa bawat taon ng kolehiyo mas mataas sa ikalawa at ikaapat na taon, samantalang ang mga nasa ikatlong taon ay may karaniwang pagkakamali sa sintaksis. Lumulutang dito ang kahalagahan ng patuloy na pagpapaigting ng pagtuturo ng gramatika upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lahat ng antas.

## IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang Teorya ng Kompetensiyang Pangwika o *Language Competence Theory* ni Noam Chomsky ay isang teorya na naglalarawan ng kakayahan ng isang tao na maunawaan at magamit ang wika sa tamang paraan, na may kasamang kaalaman sa gramatika. Ayon sa teoryang ito, ang *"linguistic competence"* ay ang *implicit* o hindi nakitang kaalaman ng isang tao sa mga estruktura ng wika, tulad ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga salita, mga tuntunin ng gramatika, at iba pang mga aspeto ng wika. Ang kompetensiyang ito ay hindi direktang makikita sa aktwal na paggamit ng wika o "*linguistic performance*," ngunit ito ang nagbibigay ng pundasyon para sa tamang paggamit ng wika sa mga aktwal na sitwasyon ng komunikasyon.

Sa konteksto ng edukasyon, ang Teorya ng Kompetensiyang Pangwika ni Chomsky ay nagpapakita ng relasyon ng antas ng edukasyon sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika ng isang mag-aaral. Ayon sa teoryang ito, habang ang mga mag-aaral ay lumilipat mula sa isang antas ng edukasyon patungo sa susunod, sila ay patuloy na nahaharap sa mga bagong karanasan at pagkakataon na nagpapalawak sa kanilang kaalaman at pag-unawa sa wika. Ang patuloy na *exposure* o pagkakaroon ng karanasan sa wika, tulad ng pakikinig sa mga lektura, pagbabasa ng mga akda, at pakikisalamuha sa iba't ibang estilo ng pagsulat at pagsasalita, ay nakakatulong sa pagpapalalim ng kanilang gramatikal na kasanayan.

Halimbawa, sa *prospectus* ng kursong Batsilyer ng Edukasyong Sekundarya na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ang mga mag-aaral na nasa unang taon ng kolehiyo ay may kaalaman na sa mga batayang tuntunin ng gramatika, ngunit sa kanilang mga susunod na taon, mas nahaharap sila sa mas komplikadong aspeto ng wika, tulad ng mga mas *advanced* na estruktura ng pangungusap, pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, at iba pang mga paksa na may kinalaman sa wika. Sa bawat taon na lumilipas, mas nagiging malalim ang kanilang pagkaunawa sa mga patakaran ng gramatika at mas nakikita nila ang aplikasyon nito sa mas mataas na antas ng wika.

Samakatuwid, ang antas ng taon sa kolehiyo ay may malalim na epekto sa pag-unlad ng kanilang kahusayang panggramatika. Habang tumataas ang taon ng kanilang edukasyon, mas napapalawak at napapalalim ang kanilang kasanayan sa wika, partikular sa mga aspekto ng gramatika. Ang *exposure* sa mas advanced na materyales at mas *complex* na sitwasyon ng wika ay nagiging isang mahalagang salik sa kanilang pag-unlad sa larangan ng wika at gramatika. Ang patuloy na pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika ay hindi lamang nakakatulong sa kanilang akademikong pagganap, kundi pati na rin sa kanilang kakayahang makipagkomunika nang maayos at tumpak sa iba't ibang konteksto.

## V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng masusing paglalahad ng mga paraang ginamit ng mga mananaliksik sa kanilang pag-aaral, kabilang ang proseso ng pagpili ng mga kalahok, mga instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, hakbang sa pagtipon ng impormasyon, at estadistikal na pamamaraan sa pagsusuri nito. Sa pamamagitan ng maingat na pagpili at pagsusuri ng mga estratehiya, instrumento, at kalahok, sinisikap ng mga mananaliksik na mapahusay ang bisa at halaga ng kanilang pag-aaral.

### 5.1 Pamamaraang Ginamit

Ang pag-aaral na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na may disenyong *Descriptive Evaluative.* Ginamit ng mga mananaliksik ang Obhetibong Pagsusulit o *Objective Test* sa pangangalap ng datos upang masukat at mailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga kalahok. Ang *Descriptive-Evaluative* na disenyo ay angkop sa layunin ng pag-aaral dahil ito ay isang metodolohiyang nagpapahintulot sa masusing pagtataya ng kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika. Sa pamamagitan ng ganitong disenyo, maaaring tukuyin at suriin ang antas ng kanilang kahusayan sa pag-unawa at paggamit ng mga tuntunin ng wika, partikular sa pagsusuri ng kayarian at kakayahang panggramatika. Nagiging posible ang sistematikong pagtataya ng mga lakas at kahinaan ng mga mag-aaral sa gramatika, na maaaring maging batayan sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo at pagpapalakas ng kanilang kasanayan.

### 5.2 Pagpili ng kalahok

Ang paraan na ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay *Total Enumeration Sampling*, kung saan lahat ng mag-aaral na kumukuha ng kursong Batsilyer ng Edukasyong Sekundarya na nagpapakadalubhasa sa Filipino na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ay naging bahagi ng pag-aaral. Dalawampung (20) mag-aaral mula sa unang antas, labingpito (17) na mag-aaral mula sa ikalawang antas, Dalawampu at isa (21) na mag-aaral mula sa ikatlong antas at labing anim (16) na mag-aaral mula sa ika-apat na antas. Sa Kabuoan ay mayroong pitumpu at limang (74) bilang ng mga mag-aaral ang kalahok sa pananaliksik.

### 5.3 Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang obhetibong pagsusulit sa kasanayan sa wikang Filipino bilang paraan ng pananaliksik. Ang instrumentong ito ay binago mula sa mga ginamit nina Garcia at Sairi (2005) sa kanilang pag-aaral na *Antas ng Kakayahang Panggramatika sa Wikang Filipino ng AB Filipino III ng WMSU*, na ipinagbasehan mula sa pag-aaral ni Dingal (2001), upang maiangkop sa kasalukuyang pag-aaral. Bukod dito, ang kanilang pagsusulit ay na-validate ng iba't ibang guro mula sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng malalayang sining ng Pamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Ang mga gurong ito ay dalubhasa sa larangan ng wikang Filipino. Ang bawat kasapi ng lupon ng balideytor ay binigyan ng tig-iisang sipi ng kasanayang pagsusulit upang malayang maimungkahi o mabago ang alinmang bahagi na inakalang dapat baguhin, alisin, palitan, o iwasto, na nagpapatunay sa bisa at pagiging maaasahan ng instrumentong ginamit sa pananaliksik. Ang pagsusulit ay binubuo ng apat (4) na aspekto ng kasanayan. a) palatunugan, b) palabuuan, c) palaugnayan, d) talasalitaan. Ang kabuuang bilang ng aytem ay limampu at anim (50). Labing-apat (12) aytem para sa palatunugan, labing-apat (12) para sa palabuuan, labing-apat (13) aytem para sa palaugnayan, labintatlo (13) aytem para sa talasalitaan.

### 5.4 Pangangalap ng Datos

Matapos matukoy ang tiyak na paksa ng pag-aaral, nagsimula nang mangalap ng datos ang mga mananaliksik mula sa iba't ibang mapagkukuhaan. Nagsagawa ng pananaliksik sa *internet*, binasa ang mga inilathalang pag-aaral, mga libro o *thesis* sa silid-aklatan, at pinag-aralan ang mga teorya na may kaugnayan sa napiling paksa. Pagkatapos matiyak ang paksa, nagsimula na ang mga mananaliksik sa pangangalap ng datos mula sa mga mag-aaral na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao.

Upang maisagawa ang pananaliksik, nagsagawa ang mga mananaliksik ng pangangalap ng datos gamit ang isang pamantayang talatanungan na idinisenyo upang suriin ang "Mga Hamong Nararanasan ng Mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay sa Wikang Ingles". Ang talatanungan ay binubuo ng mga tanong na naglalayong tukuyin ang mga partikular na hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Layunin nitong tuklasin ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

Upang matiyak ang partisipasyon at kumpidensyalidad ng mga kalahok, ipinamahagi ang talatanungan kasama ang isang sulat ng pahintulot *(informed consent form*). Ang sulat na ito ay naglalaman ng detalyadong

impormasyon tungkol sa layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan na gagamitin, ang mga potensyal na benepisyo, at ang proteksyon ng impormasyon ng mga kalahok. Dagdag pa rito, maaasahan ng mga kalahok na ang kanilang mga datos ay ilalagay sa isang kahon na tanging ang mga mananaliksik lamang ang makagagamit sa loob ng isang taon, pagkatapos ng isang taon ay ipasasawalang bisa ang mga datos sa pamamagitan ng pagsunog sa mga ito.

Bilang gabay sa paghahanap sa mga kalahok, ginamit ng mga mananaliksik ang iskedyul ng mga klase. Ibinigay ang talatanungan sa loob ng klase upang matiyak na ang lahat ng napiling kalahok ay maabot at makalahok sa pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mga istatistika upang matukoy ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

**5.5 Konsiderasyong Etikal**

Bago mangalap ng anumang datos o impormasyon, unang hihingan ng pahintulot ang dekano ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro upang matiyak ang pagsunod sa mga alituntunin at etikal na pamantayan ng institusyon. Pagkatapos nito, hihingan ng pahintulot ang mga kalahok upang matiyak na sila ay may ganap na kaalaman at boluntaryong pumapayag na gamitin ang kanilang impormasyon para sa layunin ng pananaliksik. Ang pahintulot ay maglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa layunin ng pananaliksik, ang uri ng datos na nalikom, kung paano ito gagamitin, at ang mga hakbang na isanagawa upang maprotektahan ang kanilang impormasyon. Ipapaalam din na may karapatan ang mga kalahok na tumanggi o bawiin ang kanilang pahintulot anumang oras sa panahon ng pananaliksik.

Ang lahat ng datos na nakuha mula sa mga kalahok, tulad ng kanilang pangalan at antas, ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga ito ay itinago sa isang ligtas na lokasyon at dumaan sa tamang proseso ng paghawak at pagprotekta upang mapanatili ang kanilang integridad at seguridad. Sinigurado din na ang mga datos na ito ay hindi isasapubliko, ibabahagi, o ipapasa sa sinumang hindi awtorisadong indibidwal. Tiniyak ng mga mananaliksik na ang impormasyon ng mga kalahok ay mapoprotektahan at magagamit nang may pagsunod sa mga alituntunin ng *Data Privacy Act of 2012*.

Pagkatapos maisagawa ang pag-aaral, ang lahat ng nakolektang datos mula sa mga kalahok ay ligtas at maingat na na-i-dispose alinsunod sa tamang pamantayan ng pagtatapon ng datos. Ang mga pisikal na dokumentong naglalaman ng personal na impormasyon, tulad ng mga printout ng survey at consent forms, ay idinaan sa *cross-cut shredding* upang matiyak na hindi na ito muling mabubuo. Samantala, ang mga datos na nakaimbak sa digital na anyo ay permanenteng binura gamit ang *data wiping software*, ayon sa pamantayan ng *Department of Information and Communications Technology (DICT)*. Sinigurado ng naturang *software* na hindi na mababawi ang anumang impormasyon. Sa ganitong paraan, sinigurado ng mga mananaliksik ang proteksyon sa *privacy* ng mga kalahok alinsunod sa *Data Privacy Act of 2012.*

Sa pag-aaral na ito, ipinatupad ng mga mananaliksik ang masusing proseso ng pagkuha ng pahintulot upang matiyak na ganap na mauunawaan ng mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang papel, at ang anumang posibleng panganib. Ang mga *informed consent* ay ipinagkaloob sa paraang madaling mauunawaan ng mga kalahok, kasama ang mahigpit na pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga personal na pagkakakilanlan mula sa mga datos. Bukod dito, sinunod ng mga mananaliksik ang mga pamantayang etikal. Sa paggawa ng pananaliksik na ito, hindi tumanggap ng anumang pondo o benepisyo mula sa anumang kumpanya o institusyong may kaugnayan sa paksa ng pag-aaral. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay boluntaryong nakilahok nang walang anumang pinansyal na insentibo o personal na benepisyo.

**5.6 Pagsusuri ng Datos**

Ang pagsusulit ay binubuo ng limampung (50) aytem, na gagamitin sa pagtataya ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ng Western Mindanao State University (WMSU). Bawat tamang sagot ay may katumbas na isang (1) puntos. Sa pagsukat ng antas wikang Filipino ng mga kalahok, ang sumusunod na panukatan ang pinagbasehan upang mabigyan ng interpretasyon ang mga datos na sinubok.

**Talahanayan 1.**
***Paglalarawang Pagmamarka para sa aspekto ng wika sa gramatika***

| RANGE | INTERPRETASYON |
|---|---|
| *9-12* | *Mahusay* |
| *5-8* | *Katamtaman* |
| *0-4* | *Mahina* |

**Talahanayan 2.**
***Paglalarawang Pagmamarka para sa kakayahang Panggramatika***

| RANGE | INTERPRETASYON |
|---|---|
| *41-50* | *Napakahusay* |

| | |
|---|---|
| *31-40* | *Mahusay* |
| *21-30* | *Katamtamang Kahusayan* |

## VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap upang malaman at masagot ang mga suliranin sa pag-aaral. Ang mga datos na may katangiang istatistikal ay inilahad sa talahanayan at tektwal na presentasyon at ang pagtatalakay ay iniayos sa pagkakasunod-sunod ng suliraning inihayag. Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay tayahin ang antas ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino. Upang matamo ang layuning ito, ang mananaliksik ay bumuo ng mga tiyak na katanungan gaya ng sumusunod;
2. Ano ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga sumusunod na aspekto ng wika:
   a. Palatunugan
   b. Palabuuan
   c. Palaugnayan
   d. Talasalitaan?

**Talahanayan 3. Estadistikal nsa ginamit sa *paglalarawan ng Pagmamarka para sa aspekto ng wika sa gramatika.***

| ASPEKTO NG WIKA | MEAN | *SD* | *DESCRIPTION* |
|---|---|---|---|
| PALATUNUGAN | 7 | 1.7 | **Katamtaman** |
| PALABUUAN | 7 | 1.4 | **Katamtaman** |
| PALAUGNAYAN | 10 | 1.6 | **Mahusay** |
| TALASALITAAN | 8 | 2.5 | **Katamtaman** |
| ***AVERAGE TOTAL SCORE*** | 30.76 | 4.14 | **Mahusay** |

*Legend:*
*0-4: Mahina*
*5-8: Katamtaman*
*9-12: Mahusay*

Ipinapakita ng talahanayan ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa apat na aspekto: Palatunugan, Palabuuan, Palaugnayan, at Talasalitaan. Nasa antas na “Katamtaman” ang Palatunugan at Palabuuan (mean = 7.0), na may bahagyang pagkakaiba sa kanilang standard deviation (1.7 at 1.4). Pinakamataas ang Palaugnayan (mean = 10.0, SD = 1.6), na ikinategoryang “Mahusay,” na nagpapakita ng matatag na kasanayan sa pagbuo at pag-organisa ng pangungusap. Ang Talasalitaan (mean = 8.0) ay nananatili ring “Katamtaman,” ngunit may mas mataas na SD (2.5), na maaaring nagpapakita ng malawak na agwat sa kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang average total score na 30.76 (SD = 4.14) ay nasa antas na “Mahusay,” na nagpapahiwatig na may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa gramatika, bagama’t may ilang aspekto—tulad ng Palatunugan at Talasalitaan—na nangangailangan pa ng masusing pagsasanay.

Sinang-ayunan namn ito sa pag-aaral nina Villaruz at Palma (2024) na nagsasaad na ang mataas na antas ng kakayahang panggramatika ay isang mahalagang tagapagpahiwatig ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral na major sa wikang Filipino. Sa kanilang pananaliksik, binigyang-diin na ang kahusayan sa pasalitang komunikasyon—lalo na sa aspekto ng gramatika—ay may direktang kaugnayan sa pag-unlad ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Ipinakita sa resulta ng kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may matibay na pundasyon sa gramatika ay mas nakapagsusulat nang organisado, malinaw, at epektibo sa larangan ng akademya. Isa rin sa mga mahalagang punto sa kanilang pananaliksik ay ang aktibong paggamit ng mga estudyante sa metakognitibong kaalaman o kamalayan sa mga estratehiya sa pagsulat, kung saan sentral ang gramatika sa kabuuang proseso ng pagbuo ng isang akademikong teksto.

Dahil dito, binigyang-diin nina Villaruz at Palma (2024) na ang pagpapalakas ng kakayahang panggramatika sa pamamagitan ng malinaw na pagtuturo at makabuluhang *feedback* ay isang mabisang hakbang upang mapaunlad ang kabuuang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat gamit ang wikang Filipino. Ang ganitong pananaw ay umaakma sa layunin ng kasalukuyang pag-aaral na suriin at pagtibayin ang kahalagahan ng gramatikal na kahusayan bilang salik sa tagumpay ng mga mag-aaral sa larangang akademiko.

Dagdag pa sa pag-aaral nina Ranque at Liwanan (2024) Binigyang-diin ng kanilang pananaliksik na ang mga mag-aaral sa *Senior High School ng UM Digos College* ay nagpapakita ng mataas na antas ng kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino sa akademikong komunikasyon. Ipinahihiwatig ng natuklasang ito na ang mga mag-aaral kabilang na ang mga nagnanais o kasalukuyang kumukuha ng Filipino bilang major ay maaaring taglay ang matibay na kakayahang panggramatika, sapagkat karaniwang kaugnay o kaakibat ng kahusayan sa wika ang kaalaman at paggamit ng tamang gramatika.

Ayon sa pag-aaral nina Behhay, et al., (n,d) ang kanilang pagsusuri ay nakatuon sa pag-aanalisa ng kakayahang panggramatika sa pagsulat sa Filipino. Ginamit nila ang mixed method upang masusing alamin ang lebel ng kakayahang panggramatika ng mga respondente sa pagsulat ng sanaysay, na isinagawa gamit ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik para sa isang mas malalim at komprehensibong pangangalap ng datos. Kasama sa metodolohiya ang content analysis at sequencial explanatory na pamamaraan, na nagbigay daan upang masuri at maipaliwanag ang mga datos mula sa mga respondente at magamit ito sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo sa Filipino na makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao, na kinabibilangan ng siyamnaput-anim na mag-aaral na kumukuha ng *Bachelor of Secondary Education* na may major sa Filipino. Batay sa resulta, natukoy na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika ay nasa katamtamang antas, maliban na lamang sa paggamit ng mga bantas na nakitang mahusay.

Ang mga natuklasan sa kanilang pag-aaral ay may pagkakapareho sa aming sariling pananaliksik, na nagpakita ng "Mahusay" na antas ng kakayahan sa gramatika ng mga mag-aaral ng Filipino. Tulad ng sa pag-aaral nina Behhay, ang mga mag-aaral sa aming pagsisiyasat ay nagpapakita ng matibay na kasanayan sa ilang aspekto ng gramatika, ngunit may mga aspeto na nangangailangan pa ng pagpapabuti, gaya ng sa paggamit ng mga tiyak na bahagi ng wika tulad ng Palatunugan at Talasalitaan. Gayunpaman, tulad ng mga mag-aaral sa pag-aaral nina Behhay, nakita rin sa aming mga respondente ang malakas na determinasyon at pagsusumikap upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa gramatika. Ang kanilang pagpapakita ng aktibong pagsusumikap upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa gramatika ay nagpapakita ng kanilang mataas na potensyal para sa patuloy na pag-unlad sa pag-aaral ng Filipino.

2. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang antas hanggang ikaapat na antas?

**Talahanayan 4. Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang antas hanggang ikaapat na antas ng baiting sa kolehiyo**

**Kruskal Wallis Test Result**

| Variable | $\chi^2$ | Significant Value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Antas ng Baitang sa kolehiyo | 9.60 | <.001 | Reject Null Hypothesis | Highly Significant |

*Significant @ 0.05*

Ipinapakita ng resulta ng isinagawang *One-way ANOVA test* na may labis na makabuluhang pagkakaiba (p<.001, na mas mababa sa itinakdang antas na 0.05) sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang taon hanggang ikaapat na taon. Dahil sa resultang ito, tinangihan ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayang panggramatika ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas. Ipinapakita ng matibay na estadistikang ito na nagkakaiba-iba ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral depende sa kanilang taon ng pag-aaral, na maaaring dulot ng mas mataas na exposure at karanasan sa wika habang sila ay umaakyat sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Ang resulta ng *One-way ANOVA test* ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang taon hanggang ikaapat na taon, na nangangahulugang tumataas ang antas ng kasanayan sa gramatika habang tumatagal ang panahon ng kanilang pag-aaral. Ipinapakita ng mga estadistika na may koneksyon ang pag-unlad ng kanilang kasanayan sa patuloy na exposure at karanasan sa Filipino sa mas mataas na antas ng edukasyon.

Ang mga natuklasan ay may malaking implikasyon sa mga estratehiya sa pagtuturo. Kailangan ng mga mag-aaral sa unang taon ng mas maraming suporta at pagsasanay upang maabot ang mas mataas na antas ng kasanayan sa gramatika. Samantalang ang mga mag-aaral sa mga mas mataas na taon ay nangangailangan ng mas *advanced* na mga aktibidad at pagsasanay upang mapalawak pa ang kanilang kasanayan sa wika. Ang pag-adjust ng mga pamamaraan sa pagtuturo batay sa taon ng pag-aaral ay magpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika.

Ayon sa pag-aaral nina Villaruz at Palma (2024), bagama’t hindi lamang gramatika ang sentrong paksa ng kanilang pananaliksik, binigyang-diin nila na ang gramatika ay isang mahalagang tagapagpahiwatig ng kasanayan sa akademikong pagsulat. Ipinakikita sa kanilang pag-aaral na ang matibay na pundasyon sa gramatika ay hindi lamang nakatutulong sa kaayusan at linaw ng isang sulatin, kundi ito rin ay nagsisilbing

batayan sa paglinang ng mataas na antas ng kahusayan sa pagsulat gamit ang wikang Filipino. Ang tamang paggamit ng gramatika ay nagpapalalim sa pagpapahayag ng lohikal, organisado, at epektibong ideya sa larangang akademiko.

Kaugnay nito, lumitaw sa aming pananaliksik na bagama't nasa katanggap-tanggap na antas ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na major sa Filipino, kapansin-pansin na halos walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas ng kakayahang panggramatika. Ibig sabihin, bagama't may potensyal ang mga mag-aaral, kinakailangan pang mahasa at malinang ang kanilang kaalaman at kasanayan sa gramatika upang mas umangat ang kalidad ng kanilang akademikong pagsulat. Ang pagkakaroon ng pantay-pantay ngunit hindi lubos na mataas na antas ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas masinsin at makabuluhang pagtuturo ng gramatika, gayundin ng malinaw at nakatutok na puna mula sa mga guro. Samakatuwid, sumusuporta ang aming natuklasan sa panawagan nina Villaruz at Palma na higit pang pagtuunan ng pansin ang pagpapalawak ng kakayahang gramatikal bilang pundasyon ng mahusay na akademikong komunikasyon sa wikang Filipino.

Sumang-ayon rin sa pag-aaral nina Octaviano et al., (2016), kanilang tinukoy ang mga karaniwang kamalian sa gramatika ng mga mag-aaral na major sa wikang Filipino. Kabilang sa mga madalas na pagkakamali ang maling paggamit ng *ligature*, mga pagkakamali sa baybay, at ang hindi angkop na paggamit ng mga *enklitik* (mga kataga o panlaping tulad ng "na," "pa," "din," "naman," at iba pa). Ang mga kamaliang ito ay malinaw na indikasyon ng mga kakulangan sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, at nagpapahiwatig ng pangangailangan na mas pagtibayin ang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng gramatika sa larangan ng Filipino.

Kaugnay nito, sumasang-ayon ang kasalukuyang pag-aaral sa mga natuklasan nina Octaviano at mga kasamahan, dahil bagama't nasa katamtamang antas ang kakayahang panggramatika ng mga kalahok, lumitaw sa aming pagsusuri na halos walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas, na nagpapakita ng pangkalahatang kahinaan sa ilang aspeto ng gramatika. Dahil dito, mariing iminumungkahi na pagtuunan ng pansin ang mga tiyak na bahagi ng gramatika na madalas na nagiging suliranin, tulad ng mga binanggit sa pag-aaral nina Octaviano et al., (2016) upang malinang nang mas epektibo ang kaalaman ng mga mag-aaral at mapabuti ang kalidad ng kanilang akademikong pagsulat sa wikang Filipino. Sa ganitong paraan, mas magiging sistematiko at mas nakatutok ang mga estratehiya sa pagtuturo para sa ikalilinang ng mas mataas na antas ng gramatikal na kahusayan.

Binanggit rin sap ag-aaral ni Batang (2023), natuklasan sa kanyang pag-aaral na hindi pa ganap na nahuhubog ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, lalo na sa wastong paggamit ng mga salita. Gayunpaman, ipinakita sa kanyang pagsusuri na may mataas na antas ng kahusayan ang mga mag-aaral sa tamang ayos ng pangungusap, na isang indikasyon ng kanilang kasanayan sa estruktura ng wika. Bukod dito, lumitaw sa kanyang pananaliksik na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral batay sa mga salik tulad ng kanilang edad, kasarian, at pangkat na kinabibilangan. Ipinapakita ng mga natuklasang ito na may posibleng impluwensya ang mga *personal* na salik sa paraan ng kanilang pagkatuto at pag-unawa ng gramatika.

Sa kabila ng mga natuklasang ito, kasang-ayon ang aming pananaliksik na bagama't may mataas na antas ng kasanayan ang mga mag-aaral sa ilang aspeto ng gramatika, tulad ng tamang ayos ng pangungusap, may mga bahagi pa ng gramatika na nangangailangan ng higit pang pagpapalawak, lalo na sa paggamit ng mga salita at mga mas kumplikadong aspeto ng wika. Ang mga salik na tinalakay sa pag-aaral ni Batang ay may mahalagang papel sa pagpapalawig ng kaalaman at kakayahan sa gramatika, kaya't inirerekomenda ang pagtutok sa mga aspeto ng wika na ito upang matugunan ang mga hamon sa mga mag-aaral sa mas malalim na paraan.

**Talahanayan 5. Makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral mula unang antas hanggang ikaapat na antas ng baiting sa kolehiyo**

| | | First Year | Second Year | Third Year | Fourth Year |
|---|---|---|---|---|---|
| First Year | Mean difference | — | -2.13 | -3.84 | -7.61 |
| | p-value | — | 0.342 | 0.014 | < .001 |
| Second Year | Mean difference | | — | -1.71 | -5.48 |
| | p-value | | — | 0.561 | 0.001 |
| Third Year | Mean difference | | | — | -3.77 |
| | p-value | | | — | 0.037 |

| | | |
|---|---|---|
| Fourth Year | Mean difference | — |
| | p-value | — |

Upang matukoy nang mas tiyak kung saan nagmumula ang mga makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, isinagawa ang *Tukey Post-Hoc test*. Ang pagsusuring ito ay nagbibigay ng mas masusing paghahambing sa bawat pares ng antas ng taon, upang makita kung aling mga antas ang may makabuluhang pagkalalayo ng kasanayan. Batay sa resulta, may statistically significant na pagkakaiba sa pagitan ng mga sumusunod na pares: Unang Taon at Ikatlong Taon (*mean difference* = -3.84, p = 0.014), Unang Taon at Ikaapat na Taon (*mean difference* = -7.61, p < .001), Ikalawang Taon at Ikaapat na Taon (*mean difference* = -5.48, p = 0.001), at Ikatlong Taon at Ikaapat na Taon (mean difference = -3.77, p = 0.037). Ipinapahiwatig ng mga negatibong mean difference na ang mas mataas na taon sa bawat pares ay nagpapamalas ng mas mataas na antas ng kakayahang panggramatika, na maaaring bunga ng patuloy na pag-unlad sa kaalaman at paggamit ng wika habang sumusulong ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Ang mga resulta ng *Tukey Post-Hoc te*st ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral batay sa taon ng pag-aaral. Ipinapakita nito na habang tumataas ang taon ng mga mag-aaral, tumataas din ang kanilang kasanayan sa gramatika. Ang mga mag-aaral sa mga mas mataas na taon ay may mas mataas na antas ng kakayahan, na maaaring dulot ng patuloy na pagkatuto at *exposure* sa wika.

Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na kailangan ng mga mag-aaral sa unang taon ng karagdagang suporta at pagsasanay upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa gramatika. Samantalang ang mga mag-aaral sa mga mas mataas na taon ay nangangailangan ng mga advanced na pagsasanay upang mapalawak pa ang kanilang kasanayan. Ang mga hakbang tulad ng regular na feedback at karagdagang aktibidad sa wika ay makakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa gramatika ng mga mag-aaral sa lahat ng taon.

Ayon sa pag-aaral nina Alodos at Tomas (2024), lumitaw na ang mga mag-aaral na major sa wikang Filipino ay nagpapakita ng hindi pa ganap na nahubog na kakayahang panggramatika, na malinaw na nagpapahiwatig ng malaking pangangailangan para sa pagpapabuti sa aspektong ito. Batay sa kanilang pagsusuri, ilang salik ang nakaapekto sa kahinaan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat, gaya ng limitadong kaalaman sa mga tuntuning panggramatika, kakulangan sa maayos na organisasyon ng mga ideya, at mababaw na pag-unawa sa paksang tinatalakay. Ang kombinasyon ng mga salik na ito ay nagresulta sa mababang kalidad ng kanilang mga akademikong sulatin.

Sumasang-ayon ang kasalukuyang pananaliksik nina Alodos at Tomas (2024). Batay sa aming datos, bagama't nasa antas na "mahusay" ang pangkalahatang kakayahang panggramatika ng mga kalahok, kapansin-pansing halos wala silang ipinakitang makabuluhang pagkakaiba sa kani-kanilang antas, na maaaring magpahiwatig ng pagiging limitado o pantay-pantay lamang ng kanilang kaalaman. Dahil dito, malinaw ang pangangailangan na mas linangin, palalimin, at hasain pa ang kanilang kasanayan sa gramatika upang mas maging epektibo ang kanilang akademikong pagsulat. Ang mga natuklasan sa parehong pag-aaral ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng mas sistematikong pagtuturo ng gramatika, na may pokus sa aplikasyon sa aktwal na pagsusulat upang matugunan ang mga suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral sa larangang ito.

Isang pag-aaral na isinagawa sa unang taon ng kolehiyo ang nagbigay-pansin sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa unibersidad. Ang pag-aaral na pinamagatang *"Investigating the English Grammatical Competence of First-Year Students: University Context"* ay tumukoy sa kakayahang panggramatika ng 161 mag-aaral mula sa isang pampublikong unibersidad sa North Cotabato, Pilipinas. Natuklasan sa pag-aaral na mababa ang pangkalahatang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral, at may makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian at uri ng paaralang sekundaryang pinagmulan ng mga ito.

Ipinapakita ng mga resulta ng nasabing pag-aaral na maraming salik ang nakakaapekto sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo, kabilang ang kanilang pinagmulan at edukasyonal na background. Ang mga salik na ito ay maaaring magbigay-linaw sa mga pagkakaibang natukoy sa kanilang kasanayan sa gramatika. Kaugnay nito, lumitaw din sa aming pananaliksik na may mga aspekto ng gramatika na nangangailangan pa ng pagpapabuti sa mga mag-aaral ng Filipino, tulad ng mga aspeto ng Palatunugan at Talasalitaan, na may mababang antas kumpara sa iba pang bahagi ng gramatika. Ipinapakita ng aming mga natuklasan na may kahalintulad na pattern sa pagitan ng mga unang taon ng kolehiyo at ang mga mag-aaral ng Filipino sa mataas na taon—bagama't may solidong pundasyon sa ilang aspeto ng gramatika, may mga bahagi na nangangailangan pa ng mas malalim na pagpapalawak at pag-enhance.

Sa ganitong paraan, sumasang-ayon kami sa mga rekomendasyon ng pag-aaral ni Batang (2023) at ng iba pang mga eksperto na mahalagang isama ang mga estratehiya sa pagtuturo ng gramatika na nakatutok sa mga natukoy na kahinaan upang mas mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Ang mga salik na nauugnay sa kanilang edukasyonal na background ay maaari ring makatulong upang magbigay ng mas epektibong pagtutok sa kanilang mga pangangailangan sa gramatika.

Dagdag pa sap ag-aaral De Leon at Resueno (2023) Ipinapakita na ang mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Filipino ay nakakaranas ng mga hamon sa kanilang kakayahang panggramatika, partikular sa *morphology* at *syntax*. Lumabas sa kanilang pagsusuri ang mga pagkakamali sa pagsasalin, tulad ng mga kamalian sa paggamit ng tamang *verb tenses*, *subject-verb agreement*, at pluralization, na nagpapakita ng limitadong pag-unawa at kontrol sa gramatika ng Ingles. Ang mga pagkakamali sa mga aspektong ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan na mapalawak at mapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga patakaran ng gramatika upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika, pati na rin sa mga aspeto ng pagsasalin.

Ang mga natuklasang ito ay may kahalintulad na tema sa mga resulta ng aming pananaliksik, kung saan natukoy din na may mga aspekto ng gramatika sa Filipino na nangangailangan pa ng pagpapabuti, tulad ng Palatunugan at Talasalitaan. Bagama't may solidong pundasyon ang mga mag-aaral sa iba pang bahagi ng gramatika, nakatambad ang mga pagkakamali sa mga tiyak na aspekto ng wika na nagsisilibing indikasyon ng kakulangan sa kaalaman o kasanayan sa mga larangang ito. Samakatuwid, ang mga rekomendasyon mula sa parehong pag-aaral at sa aming pagsusuri ay tumutok sa pagpapabuti ng mga tiyak na aspeto ng gramatika na may mataas na insidente ng kamalian upang mas mapabuti ang pangkalahatang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasalin gamit ang wikang Filipino.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga nakalap na datos at isinagawang pagsusuri, lumalabas na ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Filipino ay nasa kabuuang antas na "Mahusay." Ipinapakita ng resulta na ang karamihan sa mga mag-aaral ay may matibay na kasanayan sa paggamit ng wika, lalo na sa *Palaugnayan*, na may mataas na mean score. Gayunpaman, may mga aspekto ng wika tulad ng *Palatunugan*, *Palabuoan*, at *Talasalitaan* na nasa antas ng "Katamtaman," na nangangailangan pa ng higit na pagpapalawak at pag-enhance sa kasanayan. Sa kabila nito, ang kabuuang *score* ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng malakas na pundasyon sa kanilang kakayahan sa gramatika, na isang indikasyon ng kanilang pag-unlad sa paggamit ng wikang Filipino.

Sa pamamagitan ng *One-way ANOVA at Tukey Post-Hoc test*, napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral batay sa kanilang taon ng pag-aaral. Mas mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mas mataas na taon, na nagpapakita ng mas malalim na kaalaman at karanasan sa wika habang umuusad sila sa kanilang kurso. Gayundin, ang mga resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa mas mababang taon ay may katamtamang kakayahan na may bahagyang pagkakaiba sa bawat taon, ngunit hindi pa gaanong makikita ang malaking agwat sa antas ng kasanayan sa mga unang taon ng kanilang pag-aaral.Batay sa mga resulta ng pagsusuri, malinaw na ang antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa Filipino ay tumutugma sa Teorya ng Kompetensiyang Pangwika ni Noam Chomsky, na siyang teoretikal na balangkas ng pag-aaral na ito. Ayon sa nasabing teorya, habang patuloy na nadaragdagan ang karanasan at antas ng edukasyon ng isang indibidwal, lumalawak din ang kanyang *"linguistic competence*" o kaalaman sa estruktura ng wika. Ito ay higit na pinatutunayan ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang panggramatika mula unang taon hanggang ikaapat na taon, kung saan ang mga nasa mas mataas na antas ay nakapamalas ng higit na kahusayan.

Masasalamin sa mga datos na ang patuloy na exposure ng mga mag-aaral sa mas masalimuot na anyo ng wika ay nakatutulong sa paglinang ng mas mataas na kasanayan sa gramatika, alinsunod sa pananaw ni Chomsky. Ipinapakita rin ng resulta na habang may matibay na pundasyon ang mga mag-aaral sa ilang aspekto ng wika gaya ng Palaugnayan, kinakailangan pa ng mas masinsing pagtutok sa mga bahaging tulad ng Palatunugan at Talasalitaan. ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng empirikal na suporta sa teoretikal na pananaw na ang kakayahang panggramatika ay isang bunga ng sistematikong pagkatuto at tuloy-tuloy na karanasan sa wika, at hindi lamang basta likas na kaalaman. Samakatuwid, makabuluhang ipagpatuloy at higit pang paigtingin ang mga pedagogikal na interbensyon sa gramatika sa bawat antas ng edukasyon.

Sa kabuoan, ang mga natuklasan ay nagpapakita ng magandang progreso sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may mga aspekto ng kanilang kasanayan na nangangailangan pa ng higit na pagpapabuti at pagkonsentra, lalo na sa mga aspeto ng wika kung saan nakita ang mga mas mababang iskor. Ipinapakita nito na may mga pagkakataon para sa mas malalim na pag-aaral at pagsasanay upang mapabuti pa ang mga mag-aaral sa mga aspeto ng wika na nangangailangan ng higit pang pokus at pansin.

## VIII. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng mga mananaliksik sa kanilang isinagawang pag-aaral, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi para sa mga indibidwal, pangkat, organisasyon, o institusyon:

**1. Para sa mga Mag-aaral.** Iminumungkahi naming ang pagpapalawak ng kaalaman sa wikang Filipino habang mayroon nang matibay na pundasyon ang karamihan sa mga mag-aaral sa ilang aspekto ng gramatika, mahalaga na patuloy nilang palawakin at pagyamanin ang kanilang kaalaman sa Palatunugan, Palabuuan, at Talasalitaan

upang maabot ang mas mataas na antas ng kasanayan. Maaaring maglaan ng oras sa pagbabasa, pagsulat, at pag-audit ng mga tula o sanaysay upang mapalawak ang bokabularyo at kaalaman sa tamang paggamit ng wika.

**2. Para sa mga Guro.** Iminumungkahi namin ang mas masusing pagtutok sa aspektong gramatikal. inirerekomenda na ang mga guro ay ipagpatuloy nila ang pagiging inspirasyon at mas malalim na pagsusuri na magtutok sa pagpapabuti ng mga aspeto ng gramatika na may mas mababang score tulad ng Palatunugan, Palabuuan, at Talasalitaan. Maaaring magbigay ng mga *exercises* o *drills* na may kinalaman sa mga aspekto ng wika na nangangailangan pa ng pagpapabuti.

**3. Para sa Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (CHED).** Iminumungkahi naming ang pag-update ng mga kurikulum sa Filipino. Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng pangangailangan ng mga mag-aaral na mahasa sa iba't ibang aspekto ng wika, kaya't inirerekomenda na suriin at i-update ang mga kurikulum ng mga programang Filipino sa mga unibersidad upang magbigay ng mas malalim na pagtutok sa mga aspeto ng gramatika at pagsusulat sa Filipino. Iminumungkahi rin naming ang pagbibigay ng suporta sa mga Guro. Ang *CHED* ay maaaring magbigay ng mga programa ng pagsasanay at workshops para sa mga guro ng Filipino upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng wika at gramatika, at upang maging mas epektibo sa pagtutok sa mga aspekto ng gramatika na kailangang pa ng pagpapalawak.

**4. Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap.** Iminumungkahi naming ang pagsusuri ng pag-unlad ng kakayahang gramatika sa bawat taon. Maaaring magpatuloy ang mga mananaliksik sa pagsusuri ng pag-unlad ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa bawat taon ng kanilang kurso upang makapagbigay ng mga pananaw hinggil sa mga aspektong nangangailangan pa ng pagpapabuti sa bawat antas ng pag-aaral.

## SANGGUNIAN


[1] Saligang batas ng 1987: Artikulo XIV, Seksyon 6–9 Manila: Republic of the Philippines, 1987

[2] Departamento ng Edukasyon, Kultura, at Palakasan, Kautusan Blg. Limampu't Dalawa 52, 1987

[3] Badayos, P. B., et al. (n.d.). *Filipino bilang wika ng literasi: Mga pag-aaral at praktika.* UP Press.

[4] A. Hans, and E. Hans, *"Role of grammar in communication - Writing skills. International Journal of Language & Communication,"* 8(3), 56-72, 2017. https://www.researchgate.net/publication/340610113_Papers_Published-Dr_Emmanuel_Hans_Role_of_Grammar_in_Communication-_Writing_Skills

[5] M. Aragon, & J. Balallo, *"Antas ng kahusayan at hamon sa pagsulat ng mga mag-aaral,"* 2023.https://www.researchgate.net/publication/375232727_ANTAS_SA_KAHUSAYAN_AT_HAMON_SA_PAGSULAT_NG_SANAYSAY_SA_WIKANG_FILIPINO

[6] J. Lartec and J. Perey, "Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of the Cordilleras. Philippine Journal of Language and Education," 12(4), 78-92, 2011. https://www.academia.edu/34737551/Kakayahang_Panggramatika_sa_Filipino_ng_mga_Mag_aaral_sa_University_of_the_Cordilleras

[7] Ad Saavedra (2020) *An explorarion on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrockfor the development of computer-assisted teaching strategies*. Turkish Journal of Computer and Mathematics Education, 2343-2357

[8] R. Misa, "*Pagsusuri sa antas ng kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Laboratory High School ng President Ramon Magsaysay State University*. Research in Filipino Language and Education," 18(2), 34-51, 2021. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf

[9] Ad Saavedra (2018) *Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners*. webology 15(1)

[10] M. Batang, N. Silvestre, L. Petines, and R. Cada, "Antas ng kakayahang Panggramatika ng Mag-aaral sa Divisoria High School," 2023. https://www.studocu.com/ph/document/northeastern-cebu-colleges/bs-education/antas-ng-gramatika/85262173

[11] O. Belmekki, "Grammar competence and writing performance: A correlational study in higher education," 2023. DOI: 10.48185/tts.v4i1.594

[12] P. Collins, and Stabler, J, *"Understanding English Grammar (10th ed.). Pearson Education,"* 2016. https://www.pearson.com/en-us/subject-catalog/p/understanding-english-grammar/P200000002253/9780134192482

[13] J. Payangdo, "Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino," 2024. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2024/09/6-IJAMS-JUNE-2024-455-467.pdf?utm_source=chatgpt.com&fbclid=IwY2xjawOWU3tleHRuA2FlbQIxMABicmlkETFFS3N1bFVyeUpCcElSbXdxc3J0YwZhcHBfaWQQMjIyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHj0vtqMPojV-Arkt_azCM2MJ_vn0l4jyxYBPUceiGgWEu-aZ7WMb08bJlHBT_aem_F24Q9sjEEppM3ZkKblViWQ

[14] R. Sanchez, "Grammar Proficiency Level of First-Year College Students of Pangasinan State University," 2019. https://asianjournals.org/online/index.php/ajms/article/view/438?utm_source=chatgpt.com&fbclid=Iw

Y2xjawOWU3lleHRuA2FlbQIxMABicmlkETFFS3N1bFVyeUpCcElSbXdxc3J0YwZhcHBfaWQQMjIyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHvooxSTV0b_FWErAXrQG8kmyhW4BavUvLfpYn85m9vnzBn_XvjhUs8VNEvUF_aem_cLpahVbmvBERssEWsdfjzg

[15] O sandal, A saavedra, C Madrazo, Msy Ramos (2022). Gender and Socio-economic-economic status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary language-Speacialized Students. Journal of Positive School Psychology 6 (04), 2689-2704

[16] M. Camacho, "Gawaing pansanay sa paglinang ng tatas sa gramatika," Philippine Journal of Linguistics," 20(1), 89-105., 2024. https://dgnp.org/index.php/home/article/view/7

[17] C. Monteza, J. Abendan, J. Briones, and J. Tecson, *"Grammatical Competence of UM Digos College English Language Learners,"* 2024. https://www.researchgate.net/publication/380096545_Grammatical_Competence_of_UM_Digos_College_English_Language_Learners

[18] M. Tan, *"Understanding sentence complexity in college-level reading comprehension. Language Learning Journal,"* 25(2), 101–118, 2017.

[19] language Learning Motivation among Secondary language-Speacialized Students. Journal of Positive School Psychology 6 (04), 2689-2704

[20] A Saavedra (2016) *Varied Strategies In Improving The Linguistic Competence Of Selected Elementary Teachers: An Action Research. Elementary Education* Online 15 (issue 2), pp. 723-727

[21] N. Chomsky, *"Aspects of the Theory of Syntax. MIT Press,"* 1965. https://www.scribd.com/document/543469281/Aspects-of-the-Theory-of-Syntax-by-Noam-Chomsky#:~:text=The%20researcher%20thus%20seeks%20to,I%2Dlanguage%20but%20If%20p

[22] R. Garcia, and L. Sairi, *"Antas Ng Kakayahang Panggramatika Sa Wikang Filipino,"* 2005. https://www.studocu.vn/vn/document/truong-thpt-so-2-mo-duc/filosofia/abstrak/74913692?fbclid=IwY2xjawOb2M1leHRuA2FlbQIxMABicmlkETFCb1RXU243aWJGanJCczZWc3J0YwZhcHBfaWQQMjIyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHqt5CHGDQdoeokuA3RVFyL7_mjGmcMEwIkEQkcrl3eGvQ6ZyQkV5lP4qDDJJ_aem_jz4-lWREU_lD9vC8oLvEJw

*[23]* Abendan, J. B., Briones, J. A., Tecson, J. C., & Monteza, A. M. (2024). *Grammatical Competence of UM Digos College English Language Learners. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(4), 621–631. https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i4n17*

[24] J. M. Villaruz, and R. C. Palma, *"Metacognitive Awareness of Writing Strategies, Oral Proficiency, and Writing Instructions: A Structural Equation Model of Academic Writing Skills in Filipino Language,"* Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7), 114–134, 2024. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690

[25] M. Octaviano, M. P. Go, A. Borra, and N. Oco, *"A corpus-based analysis of Filipino writing errors. International Conference on Asian Language Processing,"* 95–98, 2016. https://doi.org/10.1109/IALP.2016.7875943

[26] M. Batang, N. Silvestre, L. Petines, and R. Cada, *"Antas ng kakayahang Panggramatika ng Mag-aaral sa Divisoria High School," 2023*. https://www.studocu.com/ph/document/northeastern-cebu-colleges/bs-education/antas-ng-gramatika/85262173

*[27]* Tạ Thành, H. (2023). *SENTENCE STRUCTURES IN LEARNING ENGLISH.* Tạp *Chí Nghiên Cứu Dân Tộc, 12(3), 51–56. https://doi.org/10.54163/ncdt/18*

[28] L. Alelodos, and D. Tomas, *"Mga Kamalian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral ng Batsilyer ng Sining sa Filipino,"* Deleted Journal, 4(2), 227–247, 2024. https://doi.org/10.56901/mrbo1681

[29] K. M. De Leon, and C. Resueño, Morpho-Syntactic Translations: An Error Analysis," 2023. https://www.researchgate.net/publication/377654356_Morpho-Syntactic_Translations_An_Error_Analysis

*[30]* Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. II S. (2024). *Students' Proficiency in Using Filipino Language in Academic Communication. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(3). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08*